# Balitang Manmin

BILANG 135 HULYO 5, 2015

# Pinatunayan ng mga Doktor ang Kapangyarihan ng Diyos

## Idinaos sa Malaysia ang Ika-12 Pandaigdigang Kumperensya ng mga Cristianong Doktor




Ang pandaigdigang kumperensya ng WCDN sa Malaysia (litrato 1, 9); Mga espesyal na mensahe mula kay Dr. Frans J. Cronje at Dr. Chew Weng Chee (litrato 2, 3); pagpapakita ng mga pinagaling, pagsamba, papuri, at pagpapagaling na may panyo (litrato 6); inihatid ni Dr. Ong Hock Siew ang mensahe sa umaga (litrato 7); tinanggap ni Presidente Gilbert Chae ang plake ng pagkilala para kay Dr. Jaerock Lee mula sa komite na nag-organisa (litrato 4); Power Chorus at ang mga dumalo (litrato 5, 8)

Ang WCDN (World Christian Doctors Network) ay grupo ng mga Cristianong doktor mula sa buong mundo. Gusto nilang patunayan na ang Diyos ay nagpapagaling. Ginagamitan nila ng impormasyon at suporta ng mga kaalamang medikal ang pagpapatunay nila. Nagdaraos sila ng pandaigdigang kumperensya bawat taon.

Sa taong ito, Mayo 16-17, sa Kuala Lumpur, Malaysia ito idinaos. Dinaluhan ito ng mahigit sa 350 mga doktor at mga propesyunal sa larangan ng medisina na nagmula pa sa 31 mga bansa tulad ng Estados Unidos, Espanya, Norway, Bulgaria, at Mexico.

Sa pagbubukas ng kumperensya, nagpahatid ng pagbati at maligayang pagtanggap sa mga dumalo ang namahala sa pag-oorganisa ng pulong, si Dr. Daniel Thuraiappah. Sinundan ito ng naka-video na mensahe mula kay Dr. Jaerock Lee, Tagapagtatag at Tagapangulo ng Lupon ng WCDN. Sinabi niyang mahalagang pagkakataon ang kumperensya para maranasan ang kadakilaan ng banal na Diyos.

May ipinakitang siyam na kaso ng pagpapagaling na napatunayan na. Ang mga ito ay: (Sa Estados Unidos) Bipolar II, Oppositional Defiant, and Phonologic Disorders, Mesenteric Thrombosis; (sa Korea) Nasolacrimal Duct Obstruction, Choroidal Neovascularization, 'double eyelids' (hindi inoperahan); (sa Malaysia) 95% Pinasala sa Utak; at (sa Faroe Islands) Neonatal Cerebral Infarction.

Ipinakita ng Pangulo ng WCDN na si Dr. Gilbert Chae ang pagsugpo ng Ebola Virus sa isang lugar sa DR Congo. Nasugpo ito pagkatapos tanggapin ng gobernador ng Equateur State ng DR Congo ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee. Namangha ang mga dumalo habang pinapakinggan ang presentasyon, niluwalhati nila ang dakilang Diyos (pahina 3). Puro papuri ang tinanggap ng presentasyon ni Dr. Brian S. Yeo tungkol sa paggaling ng malalang sakit sa puso na may tubig sa baga dahil sa panalanging gamit ang panyo at lumalampas sa lugar at panahon (pahina 4).

Nakadagdag sa interes ng mga dumalo ang mga pagbabahagi at mga espesyal na mensahe. Ikinuwento ni Dr. Chew Weng Chee (Malaysia) ang ilang mga karanasan niya bago niya pinaniwalaan ang pagpapagaling ng Diyos. Nagsalita din si Dr. Alvin J. Hwang (Korea) tungkol sa "The Power of God the Creator" (Ang kapangyarihan ng Diyos na Manlilikha), at tungkol sa "Spiritual Roots of Disease" (Dahilan ng Karamdaman sa Diwang Espirituwal) ang tinalakay ni Dr. Frans J. Cronje (South Africa). Nagpatotoo si Lim Siow Lim Shery, isang babaing mula sa Malaysia, tungkol sa pagpapagaling ng Diyos ng kanser niya sa dibdib.

Nagtanghal ang Power Chorus (komite ng sining ng Manmin Central Church) sa lokal na wika at sa wikang Ingles. Napuspos ang kalooban ng mga dumalo sa pagtatanghal nila. Pinapurihan ito ng mga tao at sinabing hindi pa nila nakita ang ganitong klaseng pagtatanghal sa ibang mga okasyong pang-Cristiano.

Inanyayahan sa okasyon si Rev. Heesun Lee, Pandaigdigang Tagapatnubay na Pastor ng Manmin, bilang espesyal na bisitang tagapagsalita. Pinangunahan niya ang pulong na may panyong nakapagpapagaling sa unang araw at nagbahagi ng pagtuturo tungkol sa "The Measure of Faith" (Ang Sukat ng Pananampalataya) sa sumunod na araw. Sa panalangin niya na may panyo, nagsisi ang mga dumalo. Nawala ang mga nararamdaman nilang pananakit sa katawan, nakapaglakad ang isang lalaking nahihirapang lumakad. Nakita nila ang kapangyarihan ng buhay na Diyos sa lugar na iyon. Tinanggap ni Dr. Timothy Sng ang panalangin para sa pasyente niyang nasa ospital at walang malay dahil sa encephalomeningitis. Pagkatapos ng panalangin, gumaling ito agad.

Dahil sa kumperensyang ito, naging matatag ang WCDN sa kapangyarihan nila sa pamamahala at nagkaroon ng lakas ang espiritu nila. Pinatunayan din nila na maipapakilala nila ang buhay na Diyos sa maraming edukadong tao na hindi naniniwala at sa mga Cristianong walang espirituwal na pananampalataya para maligtas. Sa taong 2016, idadaos sa Spain ang ika-13 pagpupulong.

# "Ibinigay na ng PANGINOON sa Inyo ang Lunsod"



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Sa ikapitong ulit, nang hipan ng mga pari ang mga tambuli ay sinabi ni Josue sa bayan, 'Sumigaw kayo; sapagkat ibinigay na ng PANGINOON sa inyo ang lunsod.'" (Josue 6:16)

Tinawid ng mga Israelita ang umaapaw na Ilog Jordan sa tuyong lupa. Ang sunod na pasukan sa Lupaing Ipinangako ay ang lunsod ng Jerico na isang napakatibay na kuta. Isinara ang Jerico dahil sa mga Israelita, walang nakakalabas at walang nakakapasok. Mayroon itong pader sa loob at sa labas. Napakatibay nito, hindi ito makakayang gibain kahit ng mga karwahe. Nakabantay dito ang mga sundalong may armas. Parang mas mahirap pa itong tawirin kaysa sa Ilog ng Jordan.

Pag-aralan natin kung paano sinakop sa pamamagitan ng pananampalataya ni Josue at ng mga Israelita ang lunsod.

### 1. Nasakop ni Josue at ng mga Israelita ang Jerico dahil naging masunurin sila

Sa mga sumunod na talata ng Josue 6:2, tinuruan sila ng Diyos ng paraan kung paano masasakop ang lunsod ng Jerico. Sinabi Niya na libutin ang buong lunsod ng isang beses bawat araw sa loob ng anim na araw at pitong beses sa ikapitong araw. Sa unahan ang pitong pari na may pitong tambuli na sungay ng tupa, sa likuran nila ang mga lalaking may dala ng kaban ng PANGINOON, at ang mga mamamayan ng Israel. Sa ikapitong araw, pagkatapos nilang lumibot sa buong lunsod ng pitong beses, hihipan ng mga pari ang tambuli, sisigaw ng malakas at sabay-sabay ang mga mamamayan, at guguho ang mga pader ng lunsod ng Jerico (Josue 6:5).

Ang bilang na pito na paulit-ulit na binabanggit dito ay sumisimbulo ng pagiging perpekto. Ang paraang ibinigay ng Diyos ay parang imposible at mahirap maintindihan ng tao. Pero sinanay ang pananampalataya ng pangalawang henerasyon ng Exodo, ni hindi sila nag-alinlangan. Sumunod lang sila. Nahiwagaan dito ang mga tao sa lunsod.

Lumibot ang mga Israelita sa buong lunsod nang isang beses, pagkatapos, bumalik na sila sa kanilang kampo. Ganito rin ang ginawa nila sa sumunod na mga araw, ni hindi sila binato ng mga ito. Ginawa nila ito sa loob ng anim na araw.

Gayon pa man, pagdating ng ika-pitong araw, iba ang ginawa nila. Nagsimula silang lumibot sa buong lunsod nang mas maaga. Pitong beses silang lumibot sa buong lunsod. Pagkatapos hipan ng mga pari ang mga tambuli, nagbigay si Josue ng senyal sa mga tao, at sabay-sabay silang sumigaw nang malakas. Sa sandaling ito, ang dobleng pader ng lunsod na parang hindi magigiba, ay gumuho kasama ng mga sundalong nakabantay.

Kasabay ng mga paghiyaw ng mga nadaganan ng gumuhong pader, hindi magkamayaw ang mga tao at mga sundalo sa loob. Mabilis at madaling nasakop ng mga anak ni Israel ang lunsod.

Sa buhay natin, nahaharap tayo sa mga problema na parang napakahirap lutasin, tulad ng mga pader sa lunsod ng Jerico. Sisikapin ng mga may matatag na kalooban na lutasin ang mga problema nila. Pero wala din silang magagawa sa mga problemang lampas sa kakayahan nilang lutasin, hanggang sa bumagsak at manghina na lang sila dahil sa kawalan ng pag-asa.

Pero ang mga anak ng Diyos na may pananampalataya ay walang dapat ikatakot. Naniniwala sila na mangyayari ang mga imposibleng bagay dahil sa kapangyarihan ng Diyos. Mababatid nila ang kalooban ng Diyos at kikilos sila ayon sa pananampalataya. Lulutasin ng Diyos ang mga problema nila, tulad ng pagpapahinto Niya sa Ilog ng Jordan at pagwasak Niya ng lunsod ng Jerico.

Sinasabi ng Mga Awit 20:7, "Ipinagmamalaki ng ilan ang mga karwahe, at ang iba ay ang mga kabayo; ngunit ipinagmamalaki namin ang pangalan ng PANGINOON naming Diyos." Sinabi, kung aasa tayo sa Diyos at susulong nang may pananampalataya, ipaglalaban tayo ng Diyos at papatnubayan Niya tayo.

### 2. Sinabi sa kanila ng Diyos na ihandog ang lunsod at ang lahat ng bagay na narito sa Kanya

Josue 3:5). Bago maganap ang labanan saSinasabi ng Josue 6:17-18, "Ang lunsod pati ang lahat ng naroroon ay itatalaga sa PANGINOON sa pagkawasak;…Ngunit kayo, layuan ninyo ang mga itinalagang bagay; baka kapag naitalaga na sa inyo ay kumuha kayo ng anuman sa itinalagang bagay. Sa gayo'y susumpain dahil sa inyo ang kampo ng Israel, at magkakaroon ng kaguluhan."

Hindi kumuha ng anumang bagay ang mga anak ni Israel para sa kanilang sarili. Sinunog nila ang ilan at inihandog ang iba sa Diyos. Pinatay din nila ang mga tao at mga hayop sa Jerico. May dahilan kung bakit nila ginawa ito.

Inihandog nila ito sa Diyos dahil ito ay isang bagay na nakamit nila sa unang pagkakataon sa Lupaing Ipinangako. Katulad ito ng paghahandog sa Diyos ng unang bunga ng kinita natin. Kinakailangan nilang patayin ang mga tao at mga hayop sa lunsod ng Jerico para mapanatili ang kabanalan ng mga Israelita.

Makasalanan at marumi ang pamumuhay ng mga mamamayan ng Canaan. Sila ay mga tulad ng bayarang babaing sumasamba sa mga diyus-diyosan. Kung binuhay sila ng mga anak ni Israel at pinayagang mamuhay kasama nila, mababahiran sila ng kasalanan at mamamatay sila. Sa dahilang ito, walang ibang dapat gawin kundi hayaan ng Diyos na patayin ang mga mamamayan ng Jerico.

Maraming nakasulat sa Biblia tungkol sa mga lunsod na puno ng kasalanan at kasamaan, at walang magawa ang Diyos kundi hatulan sila. Ayon sa katarungan ng Diyos, kapag umabot sa limitasyon ang kasalanan ng mga tao, dapat silang hatulan at parusahan. Ang dahilan nito ay dahil kung pababayaan ang pagkakasala, kakalat ito nang mabilis, tulad ng nakakahawang sakit. Pero ang Diyos ay pag-ibig (1 Juan 4:16), kaya hindi Niya agad hinatulan ang mga ito, tiniis Niya ito sa loob ng mahabang panahon at binigyan ng maraming pagkakataon para magsisi. Pero kung hindi sila magsisisi, hahayaan ng Diyos na sila ay mawasak.

### 3. Iniligtas ni Josue si Rahab, ang bayarang babae, ang pamilya nito, at lahat ng mga ari-arian nito

Mababasa sa Josue 6:22, "At sinabi ni Josue sa dalawang lalaking naniktik sa lupain, 'Pumasok kayo sa bahay ng upahang babae at ilabas ninyo roon ang babae at ang lahat niyang ari-arian gaya ng inyong ipinangako sa kanya.'" Hindi pinatay ni Josue ang babaing bayaran dahil ito ay mabuti at magalang sa Diyos, ang pamilya nito, at ang lahat ng mga pag-aari nito. Nang marinig nito ang kapangyarihan ng Diyos na ipinakita sa Israel, nagtiwala ito sa Diyos, itinago nito ang mga espiya ng Israel na nasa panganib.

Sa Josue kabanata 2, ipinangako sa kanya ng mga espiya na ililigtas siya at ang kanyang pamilya kapag nasakop na nila ang Jerico, pero may isang kondisyon. Dapat niyang itali sa bintana niya ang panaling pula, na ginamit ng mga espiya para makatakas. At dapat manatili siya at ang pamilya niya sa loob ng bahay. Ito ay ang kondisyon para maging ligtas sila sa kaguluhang dala ng labanan.

Sa diwang espirituwal, sinasabi sa atin nito kung paano mapoprotektahan ang mga anak ng Diyos mula sa mga kalamidad sa mundong ito. Sa kasalukuyan, namamayani ang kasalanan at napakaraming kalamidad. Maraming tao ang nagdurusa at namamatay sa mga labanan, taggutom, lindol, bagyo at unos, baha, at iba't ibang klaseng karamdaman. Pero ang mga nagtitiwala sa Panginoon ay iniingatan ng Diyos na hindi maharap sa mga kalamidad. Para makaligtas sa mga ito dapat tayong mabuhay ayon sa Salita ng Diyos, huwag tayong makipagkasundo sa mundo.

Sinasabi ng 1 Juan 3:24, "At ang tumutupad ng Kanyang mga utos ay nananatili sa Kanya, at Siya sa kanya. At dito'y nakikilala natin na Siya'y nananatili sa atin, sa pamamagitan ng Espiritu na Kanyang ibinigay sa atin." Kapag susundin natin ang mga utos, mananatili sa atin ang Panginoon, protekado tayo sa lahat ng oras.

May isa pang kamangha-manghang insidenteng may kinalaman sa Jerico. Pagkatapos niyang wasakin ang Jerico ayon sa utos ng Diyos, sumumpa si Josue na hindi na dapat ito makabangong muli. "Sumpain sa harapan ng PANGINOON ang taong magbabangon at muling magtatayo nitong lunsod ng Jerico. Sa halaga ng kanyang panganay ay ilalagay niya ang saligan nito at sa halaga ng kanyang bunsong lalaki ay itatayo niya ang pintuan nito" (Josue 6:26).

Tiniyak ng Diyos ang sinabi ni Josue, natupad ito kung paano niya sinabi sa panahon ni Haring Ahab, pagkalipas ng may 500 taon (1 Mga Hari 16:34). Hindi nagbabago ang Salita ng Diyos kahit lumipas ang panahon, at tinitiyak Niya ang mga salita ng Kanyang mga propeta.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, umaasa ako na matatanto ninyo na ang lahat ng bagay, pati ang labanan ay nagmumula sa Diyos. Kilalanin at sundin ninyo Siya sa lahat ng pagkakataon. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na kung gagawin ninyo ito, palagi kayong magtatagumpay sa buhay ninyo.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin








Dr. Gilbert Chae, Presidente ng WCDN, Punong Tagapamahala ng Yonsei Jaeil Hospital

1 Kaso

## “Hindi na singkit ang mga mata kahit hindi inoperahan”

Sinasabing makikita ang karakter ng isang tao sa mga mata niya. May epekto ito sa unang impresyon sa kanya ng ibang tao. Halimbawa, ang malaki at maliwanag na mga mata ay mas nagugustuhan ng mga tao. Kadalasan, ang mga babaing Asiana ay walang tinatawag na ‘double eyelids’, (may tupi sa talukap). Pero, maraming miyembro ng Manmin Central Church ang nagkaroon nito kahit hindi sumailalim sa operasyon. Idinalangin sila ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, Tagapagtatag ng WCDN. Narito ang ilan sa kanila.



Miyembro ng Heavenly Dance Team ng Komite ng Sining ng Manmin Central Church si Kapatid Haemi Ma, 24 taong gulang. Nilalagyan niya ng make-up ang mga talukap niya para magmukhang malaki ang mga mata niya tuwing magtatanghal ang grupo niya. Maraming oras ang ginugugol niya dito. Gusto niyang magkaroon ng ‘double eyelids’.

Palagi niyang iniisip ang pangarap niyang ito. Nagkaroon siya ng pagkakataong kumamay kay Dr. Lee. Naantig ang damdamin niya, pakiramdam niya, magkakaroon na siya ng tupi sa talukap. Ipinatong niya ang mga kamay niya sa mga mata niya, at nanalangin. Pagkatapos, nagkaroon na siya ng tupi sa talukap! Sinagot ng Diyos ang hiling ng puso niya.



Nagkaroon ng ‘double eyelids’ si Diakonesa Mikyung Seo, 47 taong gulang, pagkatapos tanggapin ang panalangin ni Dr. Lee sa retreat sa tag-init ng Manmin noong taong 2014.

Habang tumatanggap ng panalangin, lubos ang pagsisisi niya dahil sa matagal na niyang nararamdamang sama ng loob at galit sa nanay niya habang siya ay lumalaki. Hinaplos siya ng Banal na Espiritu noong sandaling iyon. Pagkatapos, inilapat niya ang mga kamay niya sa mga mata niya dahil singkit ang mga ito. Gusto niyang magkaroon ng tupi ang talukap niya para maging mas malaki ang mga ito. Pag-uwi niya, nang maghilamos siya, napansin niya sa salamin na may ‘double eyelids’ na siya.



Noong 29 taong gulang pa lang si Diakonesa Eunkyung Park, idinalangin niya na magkaroon ng tupi sa talukap. Nanampalataya siya at winisikan niya ng Muan Sweet Water ang mga mata niya. Nagkaroon siya ng ‘double eyelids’, 43 taong gulang na siya ngayon.

Ang Muan Sweet Water ay ang dating tubig-alat na naging tubig na pwedeng inumin sa lugar ng Muan, Jeonam. Katulad ito ng nangyari sa mapait na tubig ng Mara sa Exodo 15. Kapag ininom, ipinahid, at winisik ng mga tao ang tubig na ito, mararanasan nila ang kapangyarihan ng Diyos. Dahil sa tubig na ito, nagkaroon sila ng tupi sa talukap.

2 Kaso

## “Nasugpo ang Ebola sa DR Congo”

Noong taong 1976, ang pinakaunang pagkalat ng virus ng Ebola ay nangyari malapit sa Ebola River sa DR Congo. Ang kasalukuyang pagkalat nito sa West Africa (naibalita ang pinakaunang mga kaso noong Marso 2014), ay ang pinakamalaki at pinakamahirap ipaliwanag na pagkalat ng Ebola virus. Noong Abril 2015, may naitalang 25,556 kaso na naging dahilan ng pagkamatay ng mahigit sa 10,587 tao. May 25-90% ang namamatay sa karamdamang ito, o 50%. Ang paglaganap ng sakit na ito ay nangyari sa bansang DR Congo. Pitong beses na itong nangyari kaya hindi mapanatag ang mga tao dito.

Inakalang nanggagaling sa mga paniki (fruit bats) ang virus ng Ebola, pero hindi lang ang mga ito ang pinagmulan nito. Nakukuha din ng mga tao ang virus sa dugo o tubig na inilalabas ng mga may sakit o mga namatay na hayop na may impeksyon tulad ng mga chimpanzee, gorilya, antelope na nasa kagubatan.

Kapag pumasok sa katawan ng tao ang Ebola virus, sinisira nito ang mga cells na pumapatay ng mga bakterya. Nawawala ang natural na panlaban ng tao sa mga sakit dahil nasisira ang mga ugat na dinadaluyan ng dugo, ang puso, at ang lymph nodes. Nagiging dahilan ito ng pamamaga at pagkabahala. Bukod dito, sinisira din nito ang atay, kaya hindi dumadaloy ng maayos ang dugo. Nakakamatay ang sakit na ito.

Ang unang sintomas na makikita sa taong may sakit nito ay lagnat at panghihina ng katawan, masakit ang kalamnan, masakit ang ulo at lalamunan. Pagkatapos, magsusuka ito, magtatae, magpapantal ang balat, may sintomas ng sakit sa bato at atay. Kung minsan may pagdurugo sa loob at labas ng katawan. Wala pang natutuklasang bakuna para dito.

Basahin natin ang patotoo ni Gobernador Sebastien Impeto Pengo, Equateur State Governor, tungkol sa pagsugpo ng Ebola virus noong taong 2014 sa Boende, DR Congo.

Noong Agosto 11, 2014, may isang babae sa Ikanamongo Village na namatay dahil sa Ebola virus. Sa loob ng isang linggo pagkamatay niya, 13 tao pa ang naibalitang nangamatay. Nakita sa kanila ang mga sintomas ng Ebola virus. Noong Setyembre 2, ibinalita ng World Health Organization (WHO) na mayroong naitalang 31 taong nangamatay at 53 mga kaso ng Ebola. Problema ito ng buong bansa. Inutusan ako ng Presidente ng DR Congo na si Joseph Kabila para sugpuin ang pagkalat ng Ebola virus, pero wala akong nagawa.

Anim na taon na akong dumadalo sa Kinshasa Manmin Church sa DR Congo. Nasaksihan ko ang mga tanda, himala, at mga pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ni Dr. Jaerock Lee. Hiniling ko kay Dr. Lee na idalangin na masugpo ang Ebola virus. Idinalangin niya ito. Magmula noon, wala ng nagkaroon ng impeksyon at wala ng naitalang namatay.

Ayon sa rekomendasyon ng WHO, masasabing tapos na ang pagkalat ng Ebola virus sa isang bansa kung wala nang maiibalitang mga bagong kaso sa loob ng 42 araw. Ang 42 araw ay ang dobleng haba ng panahon na kinakailangan ng virus para maging ganap na karamdaman. Hindi na nagkaroon ng bagong kaso, wala nang naitalang pagkalat ng sakit. Ligtas na ang DR Congo sa Ebola virus. Naprotektahan ang mga tao mula sa virus kahit mahirap itong gamutin. Luwalhatiin natin ang Diyos! Salamat sa iyo, Dr. Jaerock Lee!

DR Congo Gobernador ng Equateur Sebastien Impeto Pengo






# Ang Pagpapagaling ng Buhay na Diyos

Idinaos sa Malaysia para sa taong 2015 ng mga Cristianong doktor ang pandaigdigang kumperensya ng WCDN. Niluwalhati nila ang Diyos sa pamamagitan ng pagpapatunay ng Kanyang pagpapagaling batay sa impormasyong mula sa medisina. Narito ang ilan sa mga pagpapagaling ng Diyos sa pamamagitan ni Dr. Jaerock Lee.




**Dr. Joonsung Kim**, Punong Tagapamahala ng Mirae Children's Hospital, Paju


## "Nailigtas mula sa pagkabulag"




May malalang myopia (nearsightedness) si Kapatid Nayoung Choi, 17 taong gulang. Noong Disyembre 2013, nawala sa tamang porma ang kaliwang mata niya, lumabo ang paningin niya. Nahirapan siya sa pag-aaral at sa mga gawain niya sa araw-araw.

Noong Abril 2014, ipinasuri niya ang mga mata niya. Sa pagsusuri, nakitang mayroon siyang Myopic Choroidal Neovascularization (CNV). Ibig sabihin, palala ang kalagayan ng mga mata niya. Kung hindi ito gagamutin, may posibilidad na mabulag siya.

Noong Agosto 2014, tinanggap niya ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee habang nasa seminar sa retreat sa tag-init ng Manmin. Lahat ng sintomas ay nawala at luminaw ang paningin niya. Namangha ang doktor nang makita nito ang resulta ng pagsusuri, sinabi nito na himalang gumaling ang CNV kahit hindi ginamitan ng medisina.




◀Bago idalangin: hindi malinaw na interface, aktibo




▶Pagkatapos idalangin: malinaw na interface, hindi aktibo




**Dr. Brian S. Yeo**, Pangkalahatang Kalihim ng WCDN

## "Nakaligtas sa kamatayan kahit huminto ang pagtibok ng puso at napuno ng tubig ang baga"




May sakit sa puso si Pavel Kalmykov, 48 taong gulang. Noong taong 2012, inoperahan siya. Noong taong 2013, nakaramdam siya ng pananakit ng dibdib pagkatapos ng magaan na gawain. Noong Oktubre 15 ng taon ding iyon, dinala siya sa ospital.

Hindi gaanong malala ang kondisyon niya noong panahong iyon, pero lumala ito. Kinailangan siyang bigyan ng morpina para makatulog. Huminto sa pagtibok ang kaliwang bahagi ng puso niya at nagkaroon ng tubig ang baga niya. Walang makapagsabi kung mabubuhay pa siya. Pagkalipas ng sampung araw, inilipat siya sa Intensive Care Unit, pero lumala pa ang karamdaman niya. Kinausap ng mga doktor ang asawa niya para hindi ito mabigla kung sakaling mamatay na siya.

Kinagabihan, hiniling ng asawa niya ang kapatid niyang si Pastor Yuri Kalmykov na nasa Israel na idalangin siya sa telepono. Noong gabing iyon, nasa Israel din si Rev. Soojin Lee para pamunuan ang ika-4 na krusada bilang pag-alaala sa krusadang isinagawa ni Dr. Jaerock Lee noong taong 2009. Para sa kapatid niyang nasa Zolskaya, tinanggap ni Pastor Yuri Kalmykov ang panalangin ni Pastor Lee gamit ang panyo na pinanalanginan ni Dr. Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12).

Kinaumagahan, gumising si Pavel, kumain, at natulog nang hindi kinakailangang bigyan ng morpina. Bago siya pauwiin, sinuri siya. Nakita sa x-ray na wala ng tubig ang baga niya.



Oktubre 25, 2013
Nagsimula ang malalang pag-iipon ng tubig sa mga baga

Oktubre 30, 2013
Nawala na ang tubig sa baga

◀Oktubre 25, 2013
Malalang panunubig ng baga




**Dr. Changkyu Yang**, Direktor ng Bansuk Internal Medicine-Radiology

## "Natanggal ang bara sa daanan ng luha"



Nakaramdam ng bara sa daanan ng luha ang Pangalawang Diakonesa na si Youngsun Cho, 73 taong gulang, noong taong 2001. Magmula noon palaging may muta at nagluluha ang mga mata niya. Nahihirapan siyang magmake-up at naaabala nito ang buhay niya.

Pinaoperahan niya ang ilong niya, pero nang tanggalin ang tubo, nagluha ulit siya. Pagkatapos nito, nagpatuloy ang pagluluha ng mga mata niya. Nagpaopera siya ng dalawa pang beses. Pero walang pagbabago sa kalagayan niya. Sumuko na siya sa pagpapagamot.

Noong taong 2014, nakibahagi siya sa retreat sa tag-init ng Manmin. Tinanggap niya ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee. Sa huling araw ng retreat, nagsimulang tumulo ang madilaw na sipon sa ilong niya. Tumagal ito ng dalawang linggo. Pagkatapos ng dalawang linggo, araw ng Linggo, bumahin siya. Noong sandaling iyon, naramdaman niyang lumuwag ang paghinga niya sa ilong, bumuti ang pakiramdam niya hanggang sa ibabang bahagi ng mga mata niya. Magmula noon, nawala na ang bara, hindi na siya nagmumuta at huminto na ang pagluluha.

Hindi pinagaling ng medisina ang bara sa daanan ng luha, pinagaling ito ng panalangin. Kamangha-mangha. Pagkatapos ibalita ang tungkol sa kasong ito, nagalak ang mga Cristianong doktor, niluwalhati nila ang dakilang Diyos.



◀Dacryocystography: isang praktikal at madaling paraan para makita kung saan lugar ang barado

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714